# 多言語情報コーナー　（令和８年　６月号）

## 1. Tungkol sa Malawakang Paggamit ng My Number's Emergency

Ang My Number Emergency Medical Services (ng My Number' s Card) ay isang sistema na nagpapahintulot sa mga paramedics o kawani ng medical emergency na ma-access ang mga impormasyong medikal ng mga naaksidente o may sakit gamit ang kanilang My Number Insurance Card (ang My Number's Card na nakarehistro para gamitin bilang health insurance card).

Hanggang ngayon, ang mga paramedics na tumutugon sa mga tawag sa 119 ay mangangalap ng mga pangunahing impormasyon tungkol sa pasyenteng dinala, kabilang ang kanyang pangalan, petsa ng kapanganakan, regular na pagbisita sa ospital at mga iniinom na gamot.

Gayunpaman, ang maayos na pagkuha ng mga impormasyong ito mula sa pasyente o mula sa kanilang pamilya ay maaaring maging mahirap minsan.

Mula ngayon, ang pagpapakita lamang ng My Number's Card ay magbibigay-daan sa pagkuha ng wastong impormasyon tungkol sa iyong medical records tulad ng mga reseta at pagbisita sa ospital.

Sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga paramedics sa panahon ng emergency ng impormasyong medikal, mas matutukoy ang naaangkop na pagamutan, maisasagawa ang mga tamang pamamaraan sa loob ng ambulansya at makapaghanda para sa agarang paggamot pagdating sa ospital na sa huli ay makapagliligtas ng mga buhay.

Mangyaring makipagtulungan sa mga paramedics kung hihilingin ang My Number Insurance Card sa panahon ng emergency.

## 2. Paunawa Tungkol sa Serbisyo ng Pag-isyu ng Document Certificates sa mga Convenience Stores.

Maari nang makakuha mula sa mga multi-function copiers na matatagpuan sa mga convenience stores ang mga dokumento gaya ng “Income Tax Certificates” at “Tax Payment Certificates.” Upang magamit ang serbisyong ito ay kailangan ang My Number’s Card.

Kung nais makakuha ng mga nasabing sertipiko sa isang kalapit na convenience store, mangyaring sundin ang mga sumusunod na hakbang：

① Una, ihanda ang My Number’s Card. Kakailanganin ang sariling 4-digit na PIN.

② Sa multi-function copier sa loob ng convenience store, piliin ang "Goverment Services" 「行政サービス」→ "Certificate Issuance"「証明書交付」.

③ Ilagay ang My Number’s Card sa multi-function copier at i-enter ang sariling 4-digit PIN.

④ Piliin ang kinakailangang dokumento at ang bilang ng mga kopya. Maaaring pumili mula sa certificate of residence 住民票, a seal registration certificate 印鑑証明書 at iba pang mga sertipiko ng tungkol sa nabayarang buwis.

⑤ Ihulog ang bayad sa multi-function copier. Ang halaga ng bayad sa convenience store ay 100 yen na mas mura kaysa sa halaga ng bayarin sa counter ng city hall.

⑥ Kunin at alisin ang na-isyu na dokumento mula sa multi-copier machine.

Makukuha ang mga nais na document para sa kasalukuyang fiscal year at sa mga nakalipas na dalawang taon. Bilang karagdagan, ang serbisyong ito ay magagamit ng mga indibidwal na naninirahan sa Tochigi City mula umpisa ng taon at patuloy na naninirahan sa lungsod sa araw ng pagkuha ng mga nasabing sertipiko.

Ang mga convenience stores kung saan magagamit ang serbisyong ito ay ang Seven-Eleven, Lawson, FamilyMart, Ministop at Aeon Mall. Ang mga oras sa pag-isyu ng nais na sertipiko ay mula alas 6:30 ng umaga hanggang alas 11:00 ng gabi. Limitado lamang sa Aeon Mall sa mga oras na kung sila ay bukas pa.

## 3. Tungkol sa Itinakdang Child and Child-Rearing Support Contribution.

May isang bagong programa na magbibigay suporta sa mga pamilya na nagpapalaki ng kanilang mga anak na kung tawagin ay "Child and Child-Rearing Support Contribution" na ipinapatupad sa buong Japan. Mula sa programang ito, babayaran ng mga kumpanya kasama ang mga manggagawa nito ang contribution sa gobyerno mula sa kanilang mga premiums ng health insurance simula Abril ng 2026 (para sa bayarin sa Mayo).

Sa mga nakalipas na taon, bumibilis ang pagbaba ng birthrate at ng populasyon sa bansa kaya nilikha ng gobyerno ang sistemang ito na may layuning magbigay ng mapagkukunan ng pondo para sa mga hakbang upang matugunan ang bumababang birthrates.

Sa Japan, sinumang kasapi sa health insurance ay kailangang magcontribute anuman ang kanyang nasyonalidad. Kabilang dito, halimbawa, ang Japan Health Insurance Association, National Health Insurance at ang Medical Care System for the Elderly. Ang pasanin na ito ay pagtutulungan ng lahat kabilang ang mga walang anak, walang asawa at matatanda.

Ito ay hindi buwis. Ito ay isang maliit na halaga ng contribution bawat buwan kasama sa premium ng health insurance. Ang halagang contribution ay nag-iiba depende sa kita at sa uri ng health insurance kung saan kasapi.

Para sa mga taong nagtatrabaho sa isang kumpanya, idinaragdag ito sa buwanang premium ng health insurance at ibinabawas sa kanilang suweldo.

Ang mga nakolektang pondo ay gagamitin upang palawakin ang mga allowance ng bata, magbigay ng suporta para sa panganganak at pangangalaga sa bata, suporta para parental leaves at iba pang serbisyo na may kinalalaman sa child care.

Hinihiling ang pang-unawa at pakiki-isa ng lahat sa programang ito.